# *Pagkain  Yugto 3*

***"12 At sinabi rin naman niya sa naganyaya sa kaniya, Pagka naghahanda ka ng isang tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamaganak, ni ang mayayamang kapitbahay; baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at gantihan ka. 13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag, 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap." (Lucas 14:12-14 KJV)***

Sa itaas na mga talata sa banal na Kasulatan, Tinutukoy ni Jesus ang dalawang uri ng paanyaya na nabanggit sa ibaba:

***A. Makamundong mga paanyaya:*** Ang pagtuon ay sa sarili at kung gaano katayog ang isang tao upang matanggap ang karangalan at pagsang-ayon ng mga tao. Dito iminungkahi ni Jesus na huwag anyayahan ang mga kaibigan, kapatid, kamag-anak o mayamang kapitbahay dahil tayo ay magpaparangal sa kanila at gagastos para sa kanila upang sa kalaunan ay sila naman ang gumastos para sa atin at parangalan tayo. ***"12 At sinabi rin naman niya sa naganyaya sa kaniya, Pagka naghahanda ka ng isang tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamaganak, ni ang mayayamang kapitbahay; baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at gantihan ka." (Lucas 14:12 KJV)*** Sa ganitong gawain, ang pagtutuon ay sa sariling kaluwhatian at hindi tungkol sa Dios at sa Kanyang Salita at sa Kanyang utos, Gayundin, hindi tayo magiging mabuting katiwala kung gagamitin natin ang ating panahon, pagkain at salapi at kayamanan sa mayayamang tao na hindi kailangan ang ating pangangalaga, at hindi rin natin sila kailangan upang alagaan tayo. Ngunit kailangan nating kumilos upang ibahagi sa mga nangangailangan at nasa kritikal na kalagayan, ang mga bagay na ibinigay sa atin ng Dios. ***"9 Ang may magandang-loob na mata ay pagpapalain: sapagka't nagbibigay ng kaniyang tinapay sa dukha." (Kawikaan 22:9 KJV)***

***B. Paanyaya sa Kaharian ng Dios:*** Ang sinasabi ni Jesus ay hindi tungkol sa paglalaan sa pagtitipon at pag anyaya sa iba. Ang sinasabi ni Jesus tungkol sa  Kanyang Banal na Kasulatan ay  kapag pinagpapala Niya tayo kailangan nating pagpalain ang iba. Ngunit sino at paano natin sila pagpapalain? Ang pagtutuon ay anyayahan ang mga tao sa Kaharian ng Dios sa paglalaan mula sa ating kayamanan upang dalhin sila sa Dios at turuan sila na gawin ang Kanyang kalooban. ***"13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag. 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap." (Lucas 14:13-14 KJV)*** * Kaya't iminungkahi ni Jesus na kung may kayaman tayo at nais maghanda ng isang piging, kung gayon dapat nating anyayahan ang mga dukha ang pilay, pingkaw, at ang bulag. At syempre ang pingkaw, ang lumpo at bulag ay hindi kayang pumunta sa atin, kaya kung nais nating anyayahan sila, kung gayon kailangan nating puntahan sila. At kapag pumunta tayo sa kanila kailangan nating ibahagi sa kanila hindi lamang ang materyal na mga bagay na pinagpala sa atin ng Dios kundi higit sa lahat ang Salita ng Dios, ang Evangelio ni JesuCristo na naghahatid ng kaligtasan at magbibigay ng buhay na walang hanggan. * Ang tunay na piging na hindi dapat mapalampas sa atin ay ang piging sa Langit na mayroon tayo kasama si Jesus kapag Siya ay bumalik at kunin tayo kasama Niya sa Langit upang mamuhay nang mapagkailanman kasama Niya. ***"At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Dios." (Pahayag 19:9 KJ)***

Kapag tinutukoy ni Jesus ang mga mahihirap, mga pilay, mga lumpo, at mga bulag, siya ay nagsasalita tungkol sa mga tao na nasa kagipitan at humaharap sa krisis sa anyo ng mga malalang karamdaman, kawalan ng trabaho, mga kapansanan dahil sa karamdaman, at iba pa. Kailangan nating tulungan ang mga ganitong tao. Ang mga taong ito ay hindi nasa posisyon na magbigay. Kailangan nating bigyan sila upang maiahon sila mula sa kanilang estado ng pangangailangan sa kanilang buhay. Kailangan nating magbigay ng tulong sa kanila at pagkatapos ng kanilang paggaling, kailangan silang sanayin upang makayanan ang buhay. Sa wakas, kailangan nating sanayin sila at turuan upang maging mabunga at produktibo.

Nakita ko ang karamihan na gustong maglingkod sa Dios nang walang pag aatubili at inaayayahan nila ang mga tao sa pagkain para sa tiyan sa pagwawalang bahala sa pagkain para sa kaluluwa. Ang kanilang mga suliranin ay hindi malulutas sa gayong uri ng asal. Hindi naglingkod si Jesus sa mga tao sa ganitong paraan. Hindi Niya kailanman

ginamit ang pagkain upang panatilihin ang mga tao kasama Niya. Ang gayong paraan ay hindi lamang makakapagpahina sa atin at mawawalan ang kamalig. Sa halip, kailangan nating ibahagi sa kanila ang Salita ng Dios at ituon ang ating kayamanan upang tugunan ang kanilang pangangailangan na naayon sa kalooban ng Dios at sa Kanyang mabuting plano para sa kanilang buhay. Ang sumusunod na pagkain (Espirituwal at Pisikal) na maibabahagi natin ay ang mga:

- Maari natin ipanalangin ang mga tao at mamagitan sa kanilang ngalan at hilingin sa Panginoon na ipahayag ang Kanyang sarili sa kanila at masiyahan sa kanilang pangangailangan
- Maari nating ibahagi sa kanila ang mensahe ng Kaligtasan, na si Jesus ay namatay para sa kanilang mg kasalanan sa krus para bigyan sila ng buhay na walang hanggan.
- Maari natin silang payuhan at tagubilin sila mula sa Salita ng Dios upang ang kanilang mga suliranin ay malutas at sila'y magkaroon ng tamang direksyon sa kanilang buhay.
- Maari natin ibahagi sa kanila ang materyal na mga bagay na kailangan nila tulad ng pagkain, damit, matutuluyan, pamasahe, tulong medical, gamot, at mag alok ng paying medical.

***"Mapalad siya na nagpapakundangan sa dukha: ililigtas siya ng Panginoon sa panahon ng kaligaligan." (Awit 41:1 KJV)*** Tinawag tayo upang mabuting tagapangasiwa ng kung anuamng natanggap natin mula sa Kanya at upang ilaan ang ating yaman sa paglilingkod at pagmiministerio sa mga taong nasa kagipitan upang dalhin sila mapalapit sa Dios na makakapagbigay ng kaginhawaan sa kanila. Ang ganitong uri ng pag uugali ay magdadala sa atin at magbibigay daan sa atin na makapagbigay ng paglilingkod sa pamayanang nakapalibot sa atin. Tinawag tayo ng Dios upang maging pagpapala sa iba. ***"7 Mapapalad ang mga mahahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7 KJV)*** Tayo ay magiging mabunga at epektibo para bawat maingat na pagkilos natin sa mga taong nasa kagipitan na inilagay ng Panginoon sa palibot natin. Sinabi ni Jesus ang mga sumusunod: ***"41 Sapagka't ang sinomang magpainom sa inyo ng isang sarong tubig, dahil sa kayo'y kay Cristo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na hindi mawawala sa anomang paraan ang ganti sa kaniya." (Marcos 9:41 KJV)*** Oh Siyang tunay!

***"9 Kaya't nang sila'y magsilunsad sa lupa, ay nakakita sila doon ng mga bagang uling, at isda ang nakalagay sa ibabaw, at tinapay. 10 Sinabi sa kanila ni Jesus, Mangagdala kayo rito ng mga isdang inyong nangahuli ngayon. 11 Umahon nga si Simon Pedro, at hinila ang lambat sa lupa, puno ng malalaking isda, na isang daan at limangpu at tatlo, at sa ganoong karami ay hindi napunit ang lambat. 12 Sinabi sa kanila ni Jesus, Magsiparito kayo at mangagpawing gutom. At sinoman sa mga alagad ay hindi nangahas na siya'y tanungin, Sino ka? sa pagkaalam na yaon ang Panginoon. 13 Lumapit si Jesus, at dinampot ang tinapay, at sa kanila'y ibinigay, at gayon din ang isda." (Juan 21:9-13 KJV)*** Dito, nabasa natin ang tungkol sa pagluluto ni Jesus para sa Kanyang mga alagad. Pinahalagahan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na nalungkot dahil sa mga pangyayari ng pagbibilanggo na kanilang nasaksihan. Inihanda ni Jesus ang angkop na pagkain para sa kanila upang ipakita ang Kanyang pagmamahal at pag-aalala. Dapat din nating malaman ang katotohanan na hindi bumili ng pagkain si Jesus mula sa mga restawrant. Walang nabanggit ng mga restawrant sa Bibliya. Ngunit sa nakikita ko ay yaong ang mga alagad ni Jesus at ang bayan ng Dios ay naghanda ng kanilang sariling pagkain at dinala ito nila kapag sila'y naglalakbay upang gawin ang ministeryo ng Dios.

***A. "17 At sinasabi nila sa kaniya, Wala tayo rito kundi limang tinapay at dalawang isda." (Mateo 14:17 KJV)***

***B. "34 At sinabi ni Jesus sa kanila, Ilang tinapay mayroon kayo? At sinabi nila, Pito, at ilang maliliit na isda." (Mateo 15:34 KJV)***

***C. "25 Nang magkagayo'y ipinagutos ni Jose na punuin ang kanilang mga bayong ng trigo, at ibalik ang salapi ng bawa't isa sa kanikaniyang bayong, at sila'y bigyan ng mababaon sa daan: at ginawa sa kanilang gayon." (Genesis 42:25 KJV)***

***D. "23 At kaniyang sinabi sa kanila, Ito ang sinalita ng Panginoon, Bukas ay takdang kapahingahan, banal na sabbath sa Panginoon: ihawin ninyo ang inyong iihawin, at lutuin ninyo ang inyong lulutuin; at lahat na lalabis ay itago ninyo sa ganang inyo, na inyong itira hanggang sa kinabukasan." (Exodu 16:23 KJV)***

***E. "17 At itiningin niya ang kaniyang mga mata, at nakita niya ang naglalakbay sa lansangan ng bayan; at sinabi ng matandang lalake, Saan ka paroroon? at saan ka nanggaling? 18 At sinabi niya sa kaniya, Kami ay nagdadaang mula sa Bethlehem-juda na patungo sa malayong dako ng lupaing maburol ng Ephraim; tagaroon***

***ako at ako'y naparon sa Bethlehem-juda: at ako'y pasasabahay ng Panginoon; at walang taong magpatuloy sa akin. 19 Gayon man ay may dayami at damo para sa aming mga asno; at may tinapay at alak naman para sa akin, at sa iyong lingkod na babae, at sa batang kasama ng iyong mga lingkod: walang kakulangang anomang bagay." (Mga Hukom 19:17-19 KJV)***

Ang pagkakaroon ng ugali na kumain sa mga restawran, lalo na paminsan-minsan, ay mahal at nakakapagpawala ng pera. Kailangan nating sanayin ang ating mga sarili na maging malaya sa paghahanda ng ating sariling pagkain sa ating mga tahanan. Ito ay magiging malusog at isang mabisang paraan ng pamumuhay.

Ngunit sa mga pambihirang pagkakataon, kapag tayo ay naglalakbay, maaring hindi natin magdala ng ating pagkain sa mahabang distansya, o maaring hindi tayo makapagdala ng sapat na dami ng pagkain at sa kasong ito, kakailanganin nating bumili ng ating pagkain mula sa labas.

- ***"8 Sapagka't napasa bayan ang kaniyang mga alagad upang magsibili ng pagkain. " (Juan 4:8 KJV)***

Gayundin, snasabi ng Bibliya ang tungkol sa matutuluyan upang makakain at matulog habang naglalakbay, gaya ng hotel o pansamantalang bahay sa panahong iyon.

- ***"27 At pagbubukas ng isa ng kaniyang bayong upang bigyan ng pagkain ang kaniyang asno sa tuluyan, ay nakita niya ang kaniyang salapi; at, narito, nasa labi ng kaniyang bayong." (Genesis 42:27 KJV)***
- ***"21 At nangyari, nang dumating kami sa tuluyan, na binuksan namin ang aming mga bayong, at, narito, ang salapi ng bawa't isa sa amin ay nasa labi ng kanikaniyang bayong, ang salapi namin sa tunay na timbang: at aming muling dinala sa aming kamay." (Genesis 43:21 KJV)***
- ***"24 At nangyari sa daan, sa dakong panuluyanan, na sinalubong ng Panginoon siya, at pinagsikapang patayin siya. " (Exodu 4:24 KJV)***
- ***"7 At kaniyang ipinanganak ang panganay niyang anak na lalake; at ito'y binalot niya ng mga lampin, at inihiga sa isang pasabsaban, sapagka't wala nang lugar para sa kanila sa tuluyan." (Lucas 2:7 KJV)***
- ***"34 At lumapit sa kaniya, at tinalian ang kaniyang mga sugat, na binuhusan ng langis at alak; at siya'y isinakay sa kaniyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at siya'y inalagaan. 35 At nang kinabukasa'y dumukot siya ng dalawang denario, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya, at ang anomang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko." (Lucas 10:34-35 KJV)***

Ang pagkain sa mga restawran ay ilang beses na mas mahal kaysa sa parehong pagkain kapag inihanda natin ito sa bahay. Samakatuwid, maging mabuting katiwala tayo ng mga yaman na ibinigay sa atin. Ito ang istilo at paraan ng pamumuhay na kailangan nating yakapin, at kailangan din nating ituro sa ating mga anak na gawin ang pareho. Hindi kalooban ng Dios na magsayang ng pera ang mga tao sa mga restawran. Kalooban ng Diyos para sa tao na magluto ng kanyang sariling pagkain.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Lumapit tayo ngayon sa Dios pagnilaynilayan ang mensahe na natanggap natin at ipangako ang ating sarili na ilapat ang natutunan natin at maging mabuting tagapangasiwa at tapat na mga lingkod sa Kanya, Ipangako natin ang ating sarili na gamitin ang ating mga yaman nang matalino upang abutin ang mga naliligaw at magmalasakit sa mga nangangailangan, ang dukha at ang pingkaw at ibigay sa kanila ang evangelio ni Jesus. Ating ipangako ang ating sarili na huwag ilaan ang ating mga yaman sa makamundong bagay at kinaugaliang gawi na natanggap natin mula sa kultura at pinagmulan ng ating pamilya. Atin ding ipangako ang ating sarili na huwag sundin ang mga gawi ng mundo at iwasan ang ugaling kumain sa mga restawrant na maaring magdulot sa atin ng malaki at hindi kinakailangang paggastos, pati na rin ang pagkain ng mga hindi masustansyang pagkain.

Manalangin tayo …

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan na inilibing noong ikatalong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa masustansyang pagkain na ibinigay mo upang tustusan ako na mabuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon salamat para sa lahat ng mga yaman na inilagay mo sa aking mga kamay, at salamat*

*para sa lahat ng turo, sa pagtutuwid, sa pagsaway at sa mga payo na tinanggap namin ngayon mula sa iyong Salita.*

*Ipagtapat at talikurana ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong masamang pangangasiwa at paglalaan ng iyong pera sa hindi matalino sa mamahaling pagkain at pagbili ng pagkain mula sa mga restawrant. Ipagtapat ang iyong kawalang kahandaang pumunta sa mga dukha, sa maysakit at sa mga nasa kaguluhan at ibigay sa kanila ang evangelio. Ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong kinaugaliana at gawi ng pamilya na salungat sa Kasulatan. Ipagtapat at talikuran ang iyong kawalang kahandaang magdusa para kay Cristo at maglinkod sa Dios sa paraang nais Niya na maglingkod ka. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ________________________________________________________________________________.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa pagtuturo at sa mga prinsipyong natanggap ko sa mensaheng ito mula sa iyo. Panginoon, ipinapangako ko na gagamitin ko ang aking mga yaman nang wasto upang maabot ang mga nawawalay mula sa mga mahihirap at nangangailangan, ang mga maysakit at ang mga nasa kagipitan. Panginoon, ipinapangako ko na magiging masipag ako, isang mabuting tagapangalaga, na magluluto sa bahay at iiwasan ang pagbili ng mga handang pagkain at pagkain sa mga restawran.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na tinanggap ang iyong kalooban sa kanilang buhay at ipangako ang kanilang sarili na tanggapin ang mga alintuntunin na tinanggap nila sa mensaheng ito. Panginoon gamitin sila na abutin ang naliligaw at gamitin ang kanilang buhay bilang mabuting halimbawa sa iba upang sundin ka.*

*Panginoon ipinangako natin ang aming sarili bilang iyong simbaha uoang ipatupad ang turo na tinanggao namin sa mensaheng ito. Panginoon puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio, at gumawa ng mg alagad at magsanay ng mga manggagawa upang yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangain namin para sa maraming tao na mabautismuhan ng tubig at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon ihanda kami para sa iyong pagbabalik upang kunin kami kapag bumalik ka. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Dios
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Dios, United Arab Emirates.

Sa karagdagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa:www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.
Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.
Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, ng iyong unang bunga at iba'tibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pananalapi, malaya kayo makipag-ugnayan sa akin sa whatsapp na numero: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com